



ULAT NI NEIL KEENAN | Wala Nang Gagawa Nang Higit Pa – Ganun Nga

Ika-22 ng Disyembre 2015 / KoponangKeenan | Pangkat K

<http://neilkeenan.com/neil-keenan-update-nobody-does-it-better-thats-why/>

Mabuti Na Ang Huli Kaysa Wala: Naayon Lamang Sa Panahon!

Sa paghahayag ni Neil Keenan sa pagkakaluklok niya sa tungkulin bilang M1/N1, muli pa ay bigla na lang po tayong tutugon sa mga katanungang wala namang kabagay-bagay. Tunay po na maliwanag na ang pinakama dagundong na balikwas ng mga bali-balitang ito ay magmumula sa mga taong wala man lamang nagawa tungo sa ikabubuti ng mundo – hindi gumawa ni isang paraan man lamang upang maibsan ang mahirap na kalagayan ng sangkatauhan, Ang tanging inaasahan lamang nila ay mga palimos maging saan gawi pa man ito manggaling.

Kaya ituon na po natin ang paningin sa pagkilos, bumuo tayo ng Talaan (Timeline) kasama ang natatanging kasaysayang nakapaloob ang napakaraming pangyayari na hindi lamang kinabilangan ni Neil Keenan at ang Pangkat K. Kundi ang mga ito din ay naging dahilan at nakapagbabala pa upang maiwasan ang mga sakuna, na ang ilan ay tiyak sanang magiging mapaminsala. Maging aral sana ito ay sa karamihang ang alam lamang ay ang mga paglilitis kay Neil, at sampu na rin doon sa mapanalita ukol sa mga bagay na wala naman silang nalalaman.

Marapat po lamang na tinagurian si Neil bilang “nag-iisang pangkat pamuksa” (one-man-wrecking crew): ganap na tagakilos, hindi umuurong, maaaring naitutumba nguni’t laging bumabangon. Subali’t hindi kayang tumbahin ang isang mahusay na puno.

Ang Talaan – Pagsasakatuparan ng Salita

Ang sumusunod na makasaysayang Talaan ay naglalarawan po ng ilan sa mga tagumpay ni Neil Keenan sampu ng kanyang Pangkat K. Humantong sa ilang mga kaganapan ang kanilang mga gawain at adhikain, at siya naman ding humantong sa magkakaugnay na sunod-sunod na kaganapan kung saan namagitan si Neil sampu ng kanyang Koponan upang tulungan tayong lahat (kahit tayo ay pawang mahimbing na natutulog.)

Ang mga sumusunod po ay ilan lamang sa mga pinaikling bukod-tangi sa mga nagawa ni Neil. Sa pagsubaybay sa kabuuan ng tipan na ito, mabubunyag sa iyong sariling pagsasaliksik na nakapagbigay si Neil Keenan ng napakahalagang mga pagbabago at paghahayag sa mga kalagayan at kaganapan sa buong mundo, at lubos siyang nagging “body-and-soul active” sa pagpapalaganap ng hindi maitatatuwang napakahalagang pagbabago sa ating sanlibutan:

2008: Binasbasan ng Dragon Family si Neil Keenan upang kumatawan sa mga kayamanan (assets) na ipinaubaya sa kanya

2009: Maluwag na tinanggap ni Keenan ang pangangalaga sa mga Federal Reserve Notes

2011: Nagbigay ng POA si Keenan mula kay Dr. Edy Seno Soekanto

2011: Ang bantayog na Keenan “Monaco Accords” na nagtipon ng 57 bilang ng mga ministro sa buong mundo

2011: Pagsasampa ni Keenan ng “Trilyon Dolyar na Habla” sa pagsasauli ng mga nakaw na Bonds

2012: Pagsampa ni Keenan ng Singil Laban sa mga Bangko Sentral ng G7 at ang 12 banko ng FED

2012: Ibinagsak ni Keenan ang Ilan Sa Pinakamataas: Mga Punong Ministro at 11 Reyna

2013: Iniulat ni Keenan na ang mga Patriots ay nakapigil sa masamang balak na magpasabog ng mga bombang nukleyar

2013: Nagtungo si Keenan sa Kabisera ng mga Bangko ng buong mundo at nakipagpulong sa mga Pinuno ng Cabal

2014: Inilantad ni Keenan na ang IRS ay isang banyagang pangkat

2014: Mga mungkahi ni Keenan sa “No-Fly Accords,” mga internasyonal na no-fly zones

2014: Pinatigil ni Keenan ang quadrilyong-dolyares na kasunduan sa pagitan ng Sultan ng Sulu at ng Vatican

2014: Inilantad ni Keenan ang pinakamalaking pagnanakaw ng ginto sa buong kasaysayan na nagaganap sa Timog Korea

2014: Pinigilan ni Keenan ang Japan na lusubin ang Indonesia sa tangkang magnakaw ng ginto

2014: Binunyag ni Keenan ang tangka ng Clinton Foundation na ipataob ang Indonesia

2014: Unang unang taga Kanluran si Keenan na nakapasok sa isang taguang yaman na “bunker”

2014: Nagbigay ng Keenan Kautusang “Pagpapatigil at Pagpipigil” (“Cease and Desist”) sa US Corporation

2014: Nabunyag ni Keenan ang pagpapalawak na balak ng Cabal na makakulimbat ng ginto mula sa Thailand

2015: Inihayag ni Keenan ang Book of Codes at Maklumat sa mga marapat na tagatanggap

2015: Pinahayag ni Keenan ang Intel sa sakunang sinapit ng Germanwings sa pagkakabaril ditto ng Estados Unidos / NATO

2015: Ibinunyag ni Keenan ang World Economic Forum (WEF) noong kasalukuyan itong ginaganap sa Jakarta

2015: Sa pagkakalagda sa mga kasulatan, kikilalanin si Keenan bilang Bilang 1 (N1 ng GCA)

Mangyaring pumalatak po sa kawing (link) sa ibaba upang mabasa ang kabuuang salaysay at Talaan ng mga pangyayari:

[Neil Keenan: Talaan ng Kasaysayan at Kaganapan](#)

[Napapaloob sa isang bagong bahagi ng website ang mga kaalamang ito, at maaaring marating mula sa navigation bar]

Sipi mula sa isang nakakataas na pinuno ng Pentagon: “Itong maliit na pangkat ng mga manggugulo na kilala bilang Pangkat K, sa katunayan ay nakagawa na nang higit pa sa maaari pagaksayahan natin at ang ating mga tanggapan – sa daan daang milyones na dolyares.”

Datapuwa’t ginugutay-gutay ng mga malalaking bansa ang buong mundo, ang mga “mananahi” sa Pangkat K ay pawang abala sa pagsusulsi nito pagpanumbalik sa kanyang pagkakabuo muli.

Habang ang Cabal ay naglilikot na magtunggalian ang malalaking bansa sa pinakamalalaking labanan para sa kapangyarihan sa buong kasaysayan ng mundo, kinalimutan po nilang bigyang pansinin ang isang maliit na pangkat na lumusot sa isang siwang at pinipilas ang kanilang mga pamantungan. Ito na ang ating natatanging pagkakataon — at marapat lamang nating samantalahin ang ating kalamangan.

Ang wakas dito sa Talaan ay patuloy na isinasakatuparan. Ang ating Elders ay matiyagang naghintay na ng daantaon at sa wakas makikita na nila ang mga kayamanan na pinapakilos sa marapat na paraan matapos lagdaan ang Kasunduan sa Bretton Woods.

Ngayon, taas noo na ang mga Elders sa kanilang mga kabagang saan mang bayan at sa buong sanlibutan, at sa tinagal tagal na panahon, maaari na nilang ihayag na wala ninuman sa kasaysayan ng mga kayamanan (assets) ang makakapanumbat na: “Naging ganap na rin sa wakas!” Nakita na kung sino ang dapat ituring na kaisaisang hinirang, ang kanilang “Number 1,” na siyang mamumuno sa pagpapatupad sa kanilang mga adhikain at pangarap.

Habang hinihintay natin ang “pinakahuling” kaganapan na maidagdag sa Talaan na ito, malinaw nang maaaninag na bilang kung ano talaga lahat ito at mauunawaan na ang kabuuan ng mga pagkilos na ito – ang pangalagaan ang kaligtasan ng sangkatauhan, palawakin ang matuwid na kaalaman sa lahat ng kaganapan sa sanlibutan at makipagugnay sa lahat ng may katayuan na makalikha ng mga pagbabago sa sanlibutan.

Malaki ang siningil sa katauhan ni Neil ng lahat nang ito sampu ng kanyang Koponan. Sa pamamagitan ng halimbawa, ito ang nararapat na ikilos upang ang

ating mundo ay umiinog nang walang pang-aalipin at walang ipinagtibay o ipinagutos na walang habas na paglilipol ng maraming nilalang.

Ginagawa po namin ito sa kadahilanang kung sino kami ay yaon din po talaga kami. Hindi po ito patungkol sa paghahabol sa ginto sa dulo ng bahaghari. Ito po ay patunay ng ating likas na karapatan at ang matatag na daang ating inilalalatag upang ang lahat ay makakasunod at makakatulong.

Kung iyong mga nananangis sa kawalang pag-asa ay sumisigaw na: “Walang nangyayari!”, inaanyayahan namin kayong mga mambabasa na maging gising at maging magmatyag sa mga naging kaganapan sa nakalipas na panahon.

Umaasa po kami na ang inyong kamalayan ay makakapukaw at makakapag-uudyok sa higit na nakararami na sumali sa atin dito pinagpunyagian nating landasin na walang kapagurang inukit ni Neil sampu ng kanyang Koponan alang-alang sa sangkatauhan at sa sanlibutan.

Bilang pagpupunyagi alay sa ating magandang kinabukasan at sa darating pang panahon, nawa’y kasihan tayo ng Kapayapaan, Pagmamahal, Kaligayahan at Magandang Kalooban para sa lahat!

ANG KOPONANG KEENAN

Copyright © 2015, GROUP K, Ltd.



GROUP K LTD, PANAMA CITY
AUDACIBUS ANNUE COEPTIS

**LOCATIONS: AUSTRALASIA, BULGARIA, DOMINICAN REPUBLIC, GERMANY, INDONESIA, JAPAN, PERU
SINGAPORE, SWITZERLAND, THAILAND.**